

Ang salot ay isang napakaseryosong sakit. Ito ay nanggagaling sa bakterya na kung minsan ay natatagpuan sa mga daga, iskuwired, iba pang hayop na nagngangatngat, at ang kanilang pulgas. May mga iba't-ibang uri ng salot: salot na bubonic, salot na pneumonic, at salot na septicemic.

Salot na Bubonic *(pinaka-karaniwan)*

Paano ko makukuha ito?	Makakukuha ka ng salot na <i>bubonic</i> kung: <ul style="list-style-type: none"> Ikaw ay nakagat ng may impeksiyong daga o pulgas, o Ang bakterya ay nagpunta sa lantad na sugat o hiwa.
Ito ba ay mapanganib?	Oo. Kung hindi ka kumuha ng tulong medikal kaagad, ikaw ay maaaring mamatay.
Ito ba ay nakahahawa?	Hindi. Hindi ka mahahawa ng salot na bubonic mula sa ibang tao.
Ano ang mga sintomas?	Ang unang sintomas ay nag-uumpisa sa loob ng 2-6 araw: <ul style="list-style-type: none"> Lagnat Sakit ng ulo Ginigina Panghihina Namamaga at sumasakit na mga glandula sa leeg, kilikili o singit, Pagkatapos maaari kang makakuha ng ibang uri ng salot, na tinatawag na <i>septicemic</i> .

Salot na Pneumonic

Paano ko makukuha ito?	Makakukuha ka ng salot na <i>pneumonic</i> kung: <ul style="list-style-type: none"> Ikaw ay malapit sa may impeksiyong tao o hayop, o Nakalanghap ka ng hamog o singaw, na ikinalat sa isang pag-atake ng terorista.
Ito ba ay mapanganib?	Oo. Kung hindi ka kumuha ng tulong medikal kaagad, ikaw ay maaaring mamatay. Sinumang nasa malapit sa iyo ay kinakailangan ding magamot.
Ito ba ay nakahahawa?	Oo. Ikaw ay maaaring mahawa ng salot na pneumonic mula sa isang taong mayroon na nito.
Ano ang mga sintomas?	Ang unang sintomas ay nag-uumpisa sa loob ng 1-3 araw: <ul style="list-style-type: none"> Lagnat Sakit ng ulo Panghihina Pagkaraan ng ilang araw, ikaw ay magkakaroon ng pulmunya at: <ul style="list-style-type: none"> Paghihirap na huminga, Paninikip ng dibdib at ubo. (Kung minsan may dugo o matubig na uhog.) Pagkatapos, maaari kang makakuha ng ibang uri ng salot, na tinatawag na <i>septicemic</i> .

Paano ako makakukuha ng salot na *septicemic* ?

Maaari mong makuha ito kapag ikaw ay kinagat ng may impeksiyong daga o pulgas. O maaari itong komplikasyon ng salot na bubonic o pneumonic.

Ang mga sintomas ay katulad ng salot na bubonic, ngunit mayroon ka ring:

- Sakit sa puson,
- Pagkabigla, at
- Mantsa ng dugo sa iyong balat, katulad ng mga pasa.

Paano kung sa aking palagay ako ay may salot?

Tawagan ang iyong doktor o ospital **kaagad**. Ikaw ay dapat kumuha ng tulong medikal sa lalong madaling panahon, o ikaw ay maaaring mamatay.



Para sa karagdagang impormasyon...

Tawagan ang CDC (Centers for Disease Control) para sa impormasyon sa Tagalog:
 800-CDC-INFO (800-232-4636)
 888-232-6348 (TTY)

O bisitahin: www.bt.cdc.gov
www.dhs.ca.gov/epo